

Chapter *One*

Dere-derecho si Alexandria sa lounge ng XYZ, isang music bar and art gallery na nasa tahimik na residential part ng Cubao. She picked a spot in the corner, then relaxed on a couch. Inilabas niya ang cellphone at magta-type na sana ng message nang marinig niyang tinatawag ang pangalan niya.

“Lex!” Iyon ang kanyang palayaw. “Nagbalik-loob ka din, sa wakas.”

Bakas sa mukha ni Yeyen ang saya habang palapit ito sa kanya. Kasunod nito ang mga kabandang sina Rich at Patrick na todo-ngiti sa kanya. Kasama rin ang mga girlfriend ng mga ito na napasigaw nang makita siya.

Ang banda nitong *Superstellar* ang isa sa mga nag-contribute ng mga kanta para sa official soundtrack ng isang romantic comedy film na ikino-co-produce ng film outfit kung saan ilang taon na siyang nagtatrabaho bilang writer, at paminsan-minsan ay second unit o assistant director lalo na sa mga music videos o TV commercials.

Dahil alam ng direktor at mga producer ng pelikula na close si Alexandria sa lead singer at familiar na siya sa musika ng banda, sa kanya ipinagkatiwala ang paggawa ng series of music videos and promo plugs nito. It was both hers and *Superstellar*'s biggest break to date.

“Na-miss ko kayo! Sobra,” sabi niya nang matapos ang yakapan, beso, high-fives at excited na batian.

“Weh? I always text you each time we’re doing a few sets here. Hindi ka man lang sumilip,” sumbat ni Yeyen bago nito kinawayan ang waiter na dala ang tray ng drinks.

“Hey, ngayon lang talaga ako binigyan ng downtime, dahil halos ako ang hahawak dito sa mga music videos... which I’m really excited to be doing with you guys.” Itinaas ni Lex ang baso ng vodka na napapangalahati na niya. “Cheers!”

“Cheers!” sabay-sabay na sabi naman ng lahat at

nagkani-kanyang taas ng sariling inumin na kasisilbi lang ng waiter. “So...” Isa-isa niyang tiningnan ang mga ito. “Where’s the new bassist?”

“On the way na. Sa Ortigas pa kasi ang office niya,” sagot ni Yeyen bago isinubo ang isang piraso ng canape. Ito ang nag-text sa kanya kanina na may bagong bassist ang banda. Nag-migrate na kasi sa Australia ang dating bahista ng mga ito na si Rob.

Tumaas ang kilay niya. “So? Si Rich nga, sa Taft pa ang office. Si Patrick, sa Makati pa. Mas malapit ang Ortigas dito ’tapos on the way pa lang siya?”

“Puso mo, Lex. Relax. Hindi naman siya palaging nale-late. Ngayon lang at hindi maiwasan dahil may emergency sa isang client. Lawyer po ang ating bagong drummer.” Minasa-masahe pa ni Patrick ang balikat niya.

“Eh, anong petsa na kasi? Magse-set up at sound check pa kayo.” She sipped on her drink.

“Madali lang iyon. Acoustic set-up lang naman at hindi full band.” Idinikit ni Rich sa sentido niya ang malamig na bote ng beer nito.

“Okay siya, Lex. Kasing-galing ni Rob at cool din. Toxic din ang kanyang schedule pero pagdating sa banda, he really makes time. Wala pa siyang nami-miss na practice since he joined us a month ago,”

pagtatanggol pa ni Yeyen sa bagong miyembro ng banda nito.

“The dude has been with you for a month and you never told me?” kunot-noong tanong niya.

“Hello, tinext kita, dedma ka lang. Nagti-text din ako pag may practice; ang sinasabi mo lang lagi, have fun.” Pinanlakihan siya ng mata ng kaibigan.

Alexandria sheepishly smiled. “Sorry naman.”

“He’s gorgeous, Lex. I think you’ll like him,” sabi ni Tania, ang girlfriend ni Patrick.

Napailing lang siya. “We’ll see.”

Lagi kasing sinusubukan nito at ng girlfriend ni Rich na si Marni na magreto ng makaka-date sa kanya. As if naman kailangan niya ng ka-date, gayong sobrang busy ng schedule niya. Kontento na siyang mayroon siyang best friend na lalaki na nagkataon ding guwapo at *crushable*—si David.

Matagal na silang magkakilala nito. They both had their reasons why they remained best friends all this time, bukod sa alam nilang kahit ano ang gawin nila ay hanggang doon lang talaga ang nararamdaman nila para sa isa’t isa.

She and David were both still smarting from their first loves. Ang kaibahan lang ay mahal pa rin ng huli ang first love nito sa kabila ng lumipas na isang

dekada. Samantalang siya ay sobrang nadala na dahil sa hindi magandang kinahinatnan ng first love niya.

Why on earth did I have to think of that now?

Naiiling na kinuha ni Alexandria ang cellphone at tumingin sa mga kasama. “Guys, may tatawagan lang ako saglit.”

“Ehem, sino iyan? May boyfriend ka na ba ngayon, Lex?” tanong ni Marni.

“For sure, si Dr. David lang iyan,” naiiling na sabi ni Yeyen. Alam nito ang sitwasyon nila ng lalaki.

“The subscriber cannot be reached. Please try and call again later.”

Ilang beses pa niyang sinubukan ang number ng kaibigan, pero hindi pa rin siya maka-connect. Sa huli ay nag-compose na lang siya ng text message dito.

I cannot believe I thought about that horrible thing again. Grabe! Patingin na kaya ako sa psychiatrist? Makapagpa-regress. Hope you’re okay, dude. Call me later.

“Alam mo, pareho kayong abnormal ni Dr. D,” sabi ni Rich.

“Walang pakialamanan ng trip, okay?” Siniko niya ito. “Ang abnormal, si Marni, dahil pinatulan ka.”

Ang lakas ng tawa ng girlfriend nito, na nakipag-high-five sa kanya bago hinila palapit dito ang boyfriend at hinagkan ang sentido nito.

“Iyan ang nami-miss mo, Lex. May ganyan ba kayong eksena ni Doc?” nakangising sabi ni Patrick na binelatan lang niya.

“Cut it out, guys. He’s here,” saway sa kanila ni Yeyen.

Alexandria gulped down the remaining contents of her drink and nearly choked when she looked up to check out the newcomer. Kinuha niya ang isang baso ng tubig at ininom din ang laman niyon, umaasang maaalis niyon ang marahil ay tama ng vodka na ininom niya.

But even after consuming the entire glass, her senses seemed to be in chaos. Para siyang kinakabahan na di mawari. O marahil ay hindi lang ma-take ng sistema niya ang nakikita.

It was the face of the man she never thought she’d ever see again.

Obviously, he matured but still very, very good-looking.

Ipinakilala sila ni Yeyen sa isa’t isa. “Blake, this is Lex. Lex, this is—”

“We already know each other,” malamig na sabi niya.

Curious na nagpalipat-lipat ang tingin ng lahat sa kanilang dalawa. “Saan kayo nagkakilala?”

“We went to the same university. Same college. We were batchmates.” Naupo si Blake sa tapat niya at mataman siyang tiningnan. “Right, Alexandria?”

Sinalubong niya ang tingin nito. Mukha itong naghahamon. Akala yata nito ay siya pa rin ang tahimik, mahina at tatanga-tangang Lexi na nakilala nito noon.

“That’s right. Pareho din kaming member ng ilang school organizations noon.”

“Oh, I see. Small world,” napapatangong sabi ni Yeyen. Alexandria could feel everyone’s eyes on them. She could especially feel Blake’s deep-set, piercing eyes intently fixed on her.

“Pareho din kami ng mga tinatambayan noon—sa Humanities section ng Central Library, sa soccer field, sa pavillions, sa park sa likod ng main building...” patuloy ng lalaki. Mahinahon at kaswal lang ang boses nito, parang nagkukuwento lang talaga. But she knew better.

He was trying to shake her. And she wouldn’t be shaken. “Yeah, pareho din kaming kumakain ng breakfast sa *Jollibee* noon, lunch sa *BRB* o *Almer’s*, merienda sa mga nagtitinda ng kwek-kwek at fishballs sa Asturias Street.”

His brow arched. “Banana cue at mango shake, o

kaya dirty ice cream.”

“Cool! Ang dami n’yo palang memories together? Magkaibigan kayo noon? Barkada?” maingat na tanong ni Rich.

Everyone must have already felt the tension by now. Medyo nagi-guilty tuloy si Alexandria na parang natatakot ang mga kasama nila na magsalita o magtanong. Pero si Blake naman ang nag-umpisa.

“We’re batchmates. Nagkataon lang na nagkakasabay kami at nagkikita sa mga lugar na iyon.” Pinatingkitan niya ito ng mata.

Sigurado siyang itatanggi nito ang kung anumang naging ugnayan nila noon, so why tell everyone the truth?

“Oh... that’s nice na naaalala n’yo pa rin pala ang isa’t isa,” komento ni Tania.

“Yeah, mahirap kalimutan ang pagmumukhang iyan. He was a heartthrob then.” Hindi niya inaalis ang tingin kay Blake.

Na nananatili ring nakatingin sa kanya. “She was one of the cutest girls you’ll ever see back then. May mga katropa akong may crush sa kanya, and she doesn’t even know it.”

Nagulat si Alexandria sa sinabi nito. Hindi niya inaasahan iyon. True, she didn’t know it. Who would

believe what he said, anyway? He was most likely just trying to mess with her head.

“And that’s it. That’s how we knew each other.”
Sumandal siya sa upuan. Sana tapos na ang usapang ito.

“Well!” malakas na sabi ni Yeyen na tila binabasag ang namuong tensyon. “It’s time to set up.”

Tila nakahinga nang maluwag na tumayo na rin sina Rich at Patrick. Si Yeyen ay tinapik muna siya sa balikat bago tumayo. Blake, meanwhile, stayed in his seat.

“That’s it, Alexandria? Ganoon lang ba tayo dati?”
Napailing si Blake bago umakmang tatayo.

Naalarma ang dalaga. What was this man up to? Tiningnan niya ito nang masama, hoping he would get the message and shut up. “Ano’ng problema mo? Iyon naman ang gusto mo, di ba?”

“You never knew what I really wanted, Lexi. You never bothered finding out,” he sighed. “Hanggang ngayon, ayaw mo pa ring aminin kung ano ang totoo.”

She laughed bitterly. “Right, like I ever knew the truth in the first place. Then and now... I’ll never know.”

“She was my girlfriend back in college,” biglang sabi ni Blake, nakapako ang mga mata sa kanya. “She’s

also the first girl I ever truly loved.”

Napasinghap siya sa narinig. At halos ganoon din ang naging reaksiyon ng iba na hindi pa umaalis.

Hindi malaman ni Alexandria kung ano ang gagawin o sasabihin. Hindi rin niya alam kung nalilito siya, natatakot o nagagalit. All she knew was that she needed to get out of there fast. For she would either pass out or explode.

Tumayo siya, kinuha ang bag at nagpaalam muna sa lahat. “Lalabas lang ako saglit. I think I just needed some air.” Tumingin siya kay Yeyen. “Babalik ako, promise. May brainstorming pa tayo mamaya, di ba?”

“Will you be okay, Lex?” Hinawakan siya nito sa braso.

Pinilit niyang ngumiti. “I’ll be fine. Nabigla lang yata ang katawan ko at ngayon lang uli nakalabas after a long time.” Tinapik niya ito sa balikat bago kumaway na sa iba at nagpaalam.

She tried her best to avoid Blake’s piercing gaze. “Later, guys,” aniya at tuluy-tuloy nang lumabas ng bar. Lakad-takbo ang ginawa niya, hindi niya alam kung saan siya pupunta.

All roads seemed to take her back to that past she’d always tried hard to forget... the one that took place seven years ago.

Chapter Two

Seven years ago...

Madalas nakikita ni Alexandria sa campus ang guwapo, mayaman at popular na si Blake Aurellano, pero di niya akalaing isang hapon ng Miyerkules ay iyon ang magiging simula ng pagkakakilala niya rito nang lubusan.

Bitbit ang isang notebook, pen case at ilang librong kinuha niya mula sa *Reserved* shelves ng Central Library, dumerecho siya sa usual spot niya sa tabi ng floor to ceiling windows. Pero malayo pa lang ay nakita na niyang may nauna na roon sa kanya, kaya pumuwesto na lang siya sa desk sa harap nito.

Kilala niya ang estudyanteng lalaking umookupa

ng usual spot niya. Fourth year din ito gaya niya, pero iba lang ang major.

Journalism ang kurso niya samantalang ito ay Economics, at hindi niya inaasahang makikita niyang nagsosolo sa isang sulok ng Humanities section ang lalaking ito.

Inilapag ni Alexandria ang mga libro sa desk sa harap ng usual spot niya. For some reason, knowing that this particular guy was into Literature made her smile. Napansin pa niya ang binabasang libro nito.

The Love Poems of Elizabeth Barrett-Browning.

Nakahiligan din niya ang mga sinulat ng naturang author noong nasa second year siya, noong gustung-gusto niya ang mga sonnets. Ngayon ay gusto naman niya ang kakaibang free verse poetry nina Pablo Neruda at E. E. Cummings.

She never thought Blake would actually be into those stuff. Ni hindi niya inaasahang mahilig ito sa mga tula.

Ang akala niya ay pulos porma lang ito. He was, after all, one of the most popular and good-looking guys on campus. Maraming may crush dito. His clique was also composed of the rich, popular set.

Wait, bakit ba niya iniisip si Blake? So what if he's also into classical poetry? Malamang ay napilitan lang

itong mag-research niyon para magpa-impress sa babaeng nililigawan nito.

Naiiling na sinimulang buklatin ng dalaga ang isang libro. *Selected Love Poems by Pablo Neruda*. Makapal na volume iyon. Hindi pa siya umaabot sa kalahati dahil bukod sa binabasa ay kumokopya rin siya ng mga paborito niyang linya.

“Alexandria...” narinig niyang tawag sa pangalan niya.

Nangunot ang noo niya. Tumingin siya sa likuran. Nakita niyang nakataas ang isang kamay ni Blake na akmang kakaway o tatapikin siguro siya sa balikat.

“Hi,” mahinang sabi nito, alangan ang ngiti. “Alexandria, right? Friend mo si Gwyneth Magno, ’yung classmate ko. Nakikita kitang hinihintay siya sa labas ng classroom namin minsan.”

“Oh, okay.” Bahagyang ngumiti siya. “Hi.”

“I see you’re into poetry.” Na-encourage marahil ito dahil kinausap niya. Itinaas din nito ang hawak na libro. “Ever read this one?”

“I was into her sonnets before. Ngayon sa ibang author naman ako naa-addict.”

“Oh...” Napakamot ito sa ulo. “Sa mga classical authors, ’yung mga sinulat lang niya ang naiintindihan ko. I like poetry but I don’t like it when I don’t really

get the lines.” Napailing ito. “Nahihirapan akong intindihin ang imagery n’ung ibang writers minsan.”

Napatango siya. *So he’s not such an airhead, after all.*

“Mahirap intindihin minsan ’yung mga sobrang lumang poems.” She reached in and took the volume he was reading. “May gawa si EBB na mas gusto ko kaysa *How Do I Love Thee* or *If You Must Love Me... ’yung... And love is fire. And when I say at need I love thee... mark! I love thee—in thy sight, I stand transfigured, glorified aright, With conscience of the new rays that proceed... Out of my face toward thine...*” sabi niya habang binubuklat at hinahanap iyon sa libro.

Nang makita ang pahina ay ibinalik niya iyon muli kay Blake. Na nakatanga lang sa kanya. Nangunot ang noo niya. “Bakit?”

“Memorized mo?” His soulful, deep-set eyes were full of admiration. “It sounds more alive when spoken.”

Napakamot sa noo ni Alexandria. “S’abi na sa iyo addict ako sa poems niya dati. Kaya alam ko ang ibang lines.”

“I like how you said those lines...” Hindi nito inaalis ang tingin sa kanya.

“Thank you. Well, if you’re going to use poetry to

impress a girl, mas okay kung memorized mo. Hindi kailangang i-recite mo sa kanya dahil medyo OA na iyon, pero kuwentuhan mo lang siya kung paano mong nagustuhan ang ilang lines,” she said conspiratoringly.

“What made you think my interest in poetry is because of a girl?”

She tilted her head. “Mali ba ako?”

Nangingiting umiling ito. “You’re right, actually. Dyahe lang, dahil halata pala.”

Blake had always looked so self-assured and confident. It’s refreshing to know he actually felt a bit sheepish about things.

“Okay lang iyon. At least, gumagawa ka ng effort. ’Kakapagod kayang umakyat dito sa fifth floor ’tapos sira ang elevator.”

“You really think so?” he sighed. “Iyan na yata ang pinaka-encouraging lines na narinig ko sa araw na ito. Thank you, Alexandria.” Ngumiti ito.

“Glad I can help. Hey..” Kinuha niya ang librong binabasa at ipinakita iyon dito. “If you want poems na mas mage-gets mo, try mong basahin ang mga isinulat noong twentieth century, like E. E. Cummings, Pablo Neruda and my recent favorite, Jeffrey McDaniel.” Binuklat niya ang libro sa isang pahina. “Here, it’s one of Neruda’s best, I think.”

Amused na tiningnan muna siya ni Blake nang ilang saglit bago binasa ang tulang ipinakita niya. Tumalikod muna ang dalaga para bigyan ito ng kaunting privacy na basahin ang tula.

Hindi niya alam pero natutuwa talaga siyang may bago siyang nakakausap tungkol sa mga tula at author na gusto niya. Her friends also appreciate Literature, pero mas inclined ang mga ito sa fiction kaysa poetry.

“Astig ’to, Alexandria. Ang galing mo, ah!” narinig niyang mahinang sabi ni Blake mula sa likuran niya. “Malungkot pero ang ganda...”

Pagharap muli sa kausap ay muntik na siyang mapasigaw. Ang lapit kasi ng mukha nito. It seemed he deliberately moved closer so they wouldn't have to speak louder.

“Ayos ba?” tanong niya rito.

She tried to ignore how everything in him now was magnified. Blake Aurellano had the face of a heartbreaker. Those expressive, deep brown eyes with thick lashes and brows that slanted just a bit... the straight nose and pillowy lips set in a face with near-perfect angles.

She could write a poem detailing each feature.

“Eto ang favorite line ko... *Hear the vast night, vaster without her... Lines fall on the soul like dew on*

the grass... What does it matter that I couldn't keep her... The night is fractured and she is not with me..."

basa nito mula sa libro. He spoke clearly, with just the right amount of emotion to give the poem more life as much as he could.

Napakurap si Alexandria. "You read it really well. It's one of his most beautiful, but saddest poems... and you did a great job with those lines..." she just had to say it. "Really. Galing!"

Napakamot ito sa batok. "Talaga?" parang nahihiyang tanong nito.

Nagpipigil siyang matawa sa reaksyon nito. "Hindi ako maramot sa compliment at basta sinabi ko, paniwalaan mong sincere at walang intensyong mambola."

Lumawak ang ngiti ni Blake. His deep-set brown eyes seemed to sparkle. "Is this my lucky day or what? Andami ko nang natututunan, ang cute pa ng pumupuri sa akin."

Siya naman ang nahiya sa narinig dito. Siya, cute? Sapakin kaya niya ito? Ang sinabi ng Literature professor nila dati, huwag daw silang mapa-flatter kapag tinawag na cute. Dahil ang salitang *cute* ay applicable lang sa mga hayop.

Alanganing napangiti na lang siya. Mukhang

sincere pa naman si Blake sa sinabi at para rito, maganda ang salitang iyon.

“Thanks... well... I’m glad you actually appreciate what I’m saying instead of branding me a sad loser.”

“A sad loser? No! Definitely not.” Umiling ito. “It’s really nice meeting you, Alexandria.”

“Lex or Lexi na lang, please.”

He smiled. “Gusto ko ring malaman kung anong poems pa ang gusto mo.” Isinara nito ang mga librong nasa harap, tumayo at binitbit iyon. “Want to sit together?” nakangiting tanong nito bago kinuha rin ang mga librong nasa mesa niya.

Saglit siyang napamaang dito. She’s never really sat down and read poetry with a guy before. “Okay.”

Tumango si Blake. Mukhang masaya talaga ito na pumayag siya. “Pick any table and you have my undivided attention for the rest of the afternoon.”



That started everything. Simula nang hapong iyon ay halos naging routine na nilang dalawa ang magkita sa Humanities section ng Central Library para magbasa, magdiskusyon at dumiskubre ng iba pang tula at authors.

Kung wala rin lang silang ibang pinagkakaabalahan gaya ng thesis, project o

homework, sinisiguro nina Alexandria at Blake na nagkikita sila roon. Paminsan-minsan ay niyayaya rin siya ng binata na kumain sa kahit saang fastfood restaurant o canteen na nakapaligid sa university. Nanonood din sila ng soccer scrimmage sa field.

It was an unexpected friendship, she would often think. Hindi niya masasabing sila ng mga kaibigan niyang sina Gwyneth at Kate iyong tipo na kakaibiganin na lang basta ng mga tipo ng estudyanteng may celebrity status sa kanilang unibersidad.

Tahimik at low-profile lang sila. Ang libangan nila ay ang kanilang martial arts classes tuwing weekends, kung saan nakaka-bonding din nila ang kapatid niyang si Artheus, ang kuya ni Gwyneth na si Atom at ang kaibigan ng mga ito na si David, na siya niyang itinuturing na best friend kahit na matanda ito sa kanya ng dalawang taon.

It was hard to believe at first that her best friend was a man, and a good-looking one at that. Crush pa nga nina Gwyn at Kate si David, pero hindi ganoon ang nararamdaman niya para sa binata. At ganoon din ito sa kanya. Their personalities just totally clicked. Ang sinabi ng iba, baka raw magkapatid o kambal pa nga sila sa past lives nila.

Samantalang kay Blake, hindi niya masasabing nararamdaman niya rito ang kaparehong bagay na mayroon siya para kay David. She felt cautious and on guard when she's around him sometimes. Pakiramdam lang niya ay hindi siya dapat maging masyadong magtiwala, o hayaang mahulog ang loob dito.

Isang dahilan ay ang di iilang pares ng matang alam niyang palaging nakamasid sa tuwing nilalapitan siya ni Blake, na tila walang pakialam kung makatawag sa pangalan niya sa tuwing makikita siya nito... gaya nang mga sandaling iyon.

“Lexi! Hey!”

Napahinto siya sa paglalakad. Kabababa lang niya noon sa front steps ng library at papunta na sana sa kanilang building. Pagbaling sa kaliwa ay nakita niyang nasa katapat na parking area si Blake.

Nakatayo ito sa harap ng sasakyan nito, kung saan nakatambay ang ilang kabarkada nito, some of them were girls.

Those girls who never miss an opportunity to stare each time Blake would so much as pay her the tiniest attention.

And those stares were not the kind that would make her feel good.

“Wait up!” sabi nito, sabay lakad patawid, palapit

sa kanya.

“Blake! Where are you going?” tawag ng isang babaeng kasama nito.

Hindi iyon pinansin ng lalaki, sa halip ay dere-derecho lang itong naglakad patungo sa kanya. “Hi,” nakangiting sabi nito.

“Oy. What’s up?” She’s really wondering what he wanted from her that he had to desert his friends.

“Oh... nothing really.” Napakamot ito sa batok. “Natuwa lang akong makita ka.”

“Ngek! Akala ko kung ano na,” nakataas ang kilay na sabi niya.

“Akala mo ano?”

“Bah, malay ko sa iyo. Baka lang kasi may kailangan ka. Mangungutang, o magyayayang maglaro,” sagot niya na ikinatawa nito. *DoTA* kasi ang paborito nilang stress buster sa tuwing maba-bad trip sa dami ng schoolwork.

“Hoy, marami akong pera,” pabirong pagyayabang nito. Lagi kasi niyang pabirong tinatawag ito na ‘rich kid’. “But speaking of laro, gusto mo bang makipaggyera ngayon?”

Umiling siya. “Gusto ko sana kaso nag-promise ako kay Kate na tutulungan siya sa assignment niya. Imi-meet ko mamaya lang.”

“Oh...” Lumungkot ang mukha nito. “Sayang, ang haba din kasi ng break namin ngayon. Wala ’yong prof sa Taxation, kaya five pa ang next class namin.”

“Titingnan ko kung matatapos agad namin ni Kate ’yung assignment niya. Tapos na rin kasi ang mga klase ko for the day,” aniya bago saglit na nag-isip.

“Wait, gusto mong sumama muna sa building?”

“Yes!” masiglang sang-ayon agad nito.

“Hindi ka magpapaalam sa friends mo?”

“No need. Tara, samahan kitang bumalik sa building.” Kinuha ni Blake ang dala niyang malaking expandable folder at sabay na nilang nilakad ang daan patungo sa building nila.

Pagpasok ay dumerecho agad si Alexandria sa locker at inilagay roon ang makapal na expandable folder. Kinuha niya mula rin doon ang isang brown paper bag.

She reached inside and took out a medium size pouch containing cookies. Isang clear plastic lang iyon na may ribbon at kitang-kita ang lamang mga oatmeal choco chip and walnut cookies.

“O, kainin mo para hindi ka masyadong mainip habang break n’yo.”

Namilog ang mga mata nito. “Wow! Mukhang masarap! Akin na lahat ito?”

Her heart warmed at his reaction. “Masarap talaga iyan. And yes, sa iyo nang lahat iyan. Mamigay ka, ha. Ten pieces ’yan, eh.”

Lumabi ito. “No way, akin lahat ito!” parang batang sabi nito. “You made this?”

“I wish! Pero wala akong future sa baking. Binili ko iyan sa isang maliit na bakeshop malapit sa dorm. Homemade iyan at isang mabait na stay-at-home mommy ang gumagawa,” imporma niya bago isinara na ng locker. “Mayroon pa ako dito, merienda namin ni Kate.”

“Thank you, Lexi,” nakangiti pa ring saad ni Blake, sapo ang dibdib.

“Grabe ka namang makapag-thank you. Tagos sa puso,” natatawang komento niya.

“Dapat lang na tumagos iyon sa puso mo dahil thankful talaga ako.” Naglakad na sila palabas ng building. “Ngayon lang may nagbigay sa ’kin ng cookies.”

“Ganoon? Hayaan mo, magdadala ulit ako. Para naman masabi mong hindi ka lang isang beses sa buhay mo nakatanggap ng cookies.”

Blake stopped once they were outside the building. Tiningnan siya nito nang mataman. “You’re really cool, Lexi.”

She waved her hand dismissively. “Aw, don’t be like that.” Hinawakan niya ito sa braso. “Basta kainin mo iyan at sana magustuhan mo.”

“Ihahatid na kita.” Marahan siyang iginiya nito papunta sa direksyon ng park.

Nagkibit-balikat lamang si Alexandria. Nagsimula na silang lumakad patungo sa meeting place nila ni Kate. Agad nilang nakita ang kaibigan niya sa isa sa mga pavillions doon, nakayukyok ito sa isang makapal na libro. Mukha itong aburido at oblivious sa paligid.

“Ibang klase talaga ang trip ninyong magkakaibigan pagdating sa hairstyle. Si Gwyneth, anim ang braids. Ikaw, apat ang ponytail. Si Kate, alternate ang maraming braids at ponytail,” natatawang naiiling na sabi ni Blake.

Ngumisi lang siya. “That’s what makes us special.”

He poked her cheek with a finger. “Of course.”

Pinalis niya ang kamay nito. “O, siya, layas na. Uminom ka ng maraming tubig kung plano mong ubusin lahat iyang cookies. Sugar overload iyan.”

He simply flashed her a grin. “Yes, boss.”

He gave her a salute, then he did something she never would expect in a million years. He leaned in and gave her a kiss on the cheek.

“I hope to see you later, Lexi,” bulong nito bago

lumayo. Tinapik siya nito sa balikat bago kumaway at naglakad pabalik sa parking area.

Hinawakan ng dalaga ang pisnging hinalikan nito, at hindi na mapigilang mapangiti habang naglalakad palapit sa puwesto ng kaibigan niya.

She was beginning to love surprises now.



Chapter

Three

“You must feel like you’re that cool, huh?”

Y Napahinto si Alexandria sa ginagawa sa sink ng girls’ rest room. Pilit niyang tinatanggal ang tinta ng marker na kumapit sa mga daliri. May ilang babae siyang nakasabay sa rest room at ilan doon ay ang mga laging kasa-kasama ni Blake.

Two of those girls were standing behind her now. Siya ba ang kausap ng mga ito? She wondered about it then continued with what she’s doing.

“You’ve managed to take up so much of his time he’s beginning to miss out on more important stuff.”

Muli ay hindi siya kumibo. Hangga’t hindi siya direktang ina-address ng mga ito ay wala siyang balak

magsalita.

“Ewan ko ba kay Blake. Almost every other sem, he picks up some loser, decides he wants to be her friend, then when that poor friend has fallen for him, iiwasan din niya. Alam naman niyang hindi maiiwasan iyon, sige pa rin.” Ibang boses naman ang nagsalita.

Tuloy lang si Alexandria sa pagtatanggal ng tinta sa gilid ng hintuturo.

“We gave it a few weeks, ganoon lang usually katagal bago ma-in love ang isang nerd na kagaya mo kay Blake, and then that would scare him away and run. Pero magdadalawang buwan na. Hindi namin alam kung ano’ng ginawa mo sa kanya. Wala namang kakaiba sa iyo. You’re quite plain and a bit weird.”

“Maybe that’s what’s different. The others were nerds but they’re at least pretty. Mga weirdo yata ang trip ni Blake ngayon,” natatawang sabi ng ikatlong boses.

“Ewan ko sa lalaking iyon. We’re letting him meet all these nice, pretty girls and he sticks with this charity case,” nailing na sabi ng babaeng nasa likuran niya. Maputi ito, chinita at chubby. Her makeup was expertly applied.

Sa wakas ay natanggal na din ang pasaway na tinta sa daliri ni Alexandria. Mabilis na sinabon niya muli

iyon, binanlawan at itinapat ang kamay sa dryer. Hindi na siya makahintay na makaalis sa lugar na iyon.

“Well, magsasawa din si Blake sa pinaggagawa niya,” anang isa pang may hawak na malaking roller brush at inaayos ang maalon nitong buhok.

Kumuha siya ng paper towels mula sa dispenser at ipinunas iyon sa kamay habang naglalakad na palabas ng rest room.

“Hey, where are you going?”

Tumaas lang ang kilay niya bago derechong lumabas. She heard footsteps behind her.

“Hindi ka lang pala weird na loser. Wala ka ring manners. We were talking to you at tatalikuran mo kami nang ganoon lang?”

Hinarap ni Alexandria ang mga ito. “I didn’t know you’re talking to me. I didn’t hear you directly address me. Hindi rin tayo close so you cannot just skip that.”

Napamaang sa kanya ang tatlo, hindi makapaniwala marahil na kaya niyang sagutin ang mga ito nang ganoon.

“You have some nerve.” Napailing ang babaeng matangkad. “Hindi ka lang pala weird, slow ka din. I thought Blake was impressed by how smart you are.”

“Hindi lang ako mahilig mag-assume. Marami nang namatay sa maling akala.” Bumuntung-hininga

siya. “Well, may gagawin pa ako. Kung wala na kayong sasabihin, aalis na ako. Excuse me.” Muli siyang tumalikod. Hindi niya alam kung ano ang ikinainis ng mga ito. So, Blake liked hanging out with her. Hindi siya ang yumayaya sa binata. Ito ang parating gumagawa ng plano. Hindi siya tumatanggi dahil enjoy itong kasama.

“Huwag kang mayabang, Miss. Blake will never ever fall for someone like you.”

Alexandria just waved her hand at the three as she continued walking. Wala siyang balak pumatol, ayaw niya ng gulo. Sana ay hindi na maulit ang eksenang ganoon, pero alam niyang imposible iyon.

She knew she just got herself a few enemies. All because she decided to enjoy one of the most pleasant surprises of her life—being friends with Blake.



“Kailangan n’yong siguruhin na ang mga lumalapit sa inyong freshmen at sophomores na gustong mag-volunteer ay magsa-submit ng kani-kanilang schedule para hindi tayo magkaproblema sa faculty, okay?” Iginala ni Jairus ang tingin sa mga taong nasa loob ng meeting room ng Election Board kung saan pareho silang volunteer ni Blake.

Alexandria sat on his right, attentively typing

important notes from the meeting that had been going on for the past forty-five minutes. Laptop ni Jairus Janus ang gamit niya. Sa tabi niya, nakaupo si Blake na paminsan-minsan ay nahuhuli niyang tila wala sa nagpe-preside na chairman ang atensyon kundi nakatingin sa kanya.

It's making her nervous. Hindi sanay si Alexandria na may ibang taong nagbibigay sa kanya ng atensyon. Kailangan pang manggaling iyon sa isang lalaking may celebrity status sa kanilang campus, mula sa isang lalaking karaniwan ay sentro ng atensyon.

“Let's take a break, guys. May mga hindi pa yata kumakain sa inyo. Balik tayong lahat dito ng three pm,” sabi ng chairman bago nakangiting tumingin sa laptop screen. “Wow! Ayos kang gumawa ng minutes, ah. Good job.” Tinapik siya nito sa balikat bago tumayo. “Bibili ako ng pagkain sa labas. May gusto ka ba? Ibibili kita, treat ko.”

“Hindi ako tumatanggi sa libre, Jairus. Pero hindi ba kayo magkikita ni Sasha? Baka ma-hassle ka lang,” aniya na ang tinutukoy ay ang girlfriend nito.

“Ako na lang ang bibili ng pagkain mo,” sabi ni Blake na tumayo na. “What do you want?”

Tiningnan niya ito. “Spanish sausage bunwich at mga eight pieces ng choco butternut at bavarian

munchkins. At *Sprite* in can.” Kinuha niya ang bag at kumuha ng pera roon. Iniabot niya iyon kay Blake.

Kumunot ang noo nito. “Bakit kay Jairus, magpapalibre ka ’tapos bibigyan mo ako ng pambili?”

“Eh, hindi pa ako naililibre ni Jairus. Ikaw, palagi na lang. Nakakahiya naman.” Inilagay niya sa kamay nito ang one hundred peso bill.

Naiiling na ibinalik nito iyon sa kanya. “It’s on me, okay?” Sinenyasan nito si Jairus. “Tara na, bro.”

Halos walang natira sa meeting room. Alexandria busied herself with editing and organizing the minutes of the meeting. Mayamaya lang ay may ibang miyembro ng Election Board ang nagbabalikan na. Ilan doon ay mga katropang lalaki ni Blake na mababait naman sa kanya.

Tinabihan siya ni Gab, ang isa sa alam niyang pinakamalalapit kay Blake. “Sipag naman.”

“Puro pagpapa-cute sa mga juniors kasi ang ginagawa n’yo,” nakangising sabi niya.

“Aba...” Pabirong siniko siya nito. “Sumasagot ka na, ha! Kabagu-bago mo dito... porque kayo lang ni Blake...”

Pinanlakihan niya ito ng mata. “Excuse me? Hindi kami. Huwag kang chismoso d’yan.”

“Kung hindi kayo ni Blake, puwedeng tayo na lang,

Lex?” sabi ng isa pang kaibigan ni Blake na si Jervy na naupo sa katapat niyang silya.

“Hindi puwede dahil ayoko.”

Pabirong sinapo nito ang dibdib. “Ouch! Basted agad.”

“Tantanan n’yo nga ako at istorbo kayo sa ginagawa ko,” pagtataboy niya sa mga ito na lalo lang siyang kinulit.

“Bro, puwesto ko iyan.” Salubong ang mga kilay ni Blake na kapapasok lang ng meeting room. Bitbit nito ang mga pinamili. Ibinaba nito ang mga iyon sa mesa at hinila patayo sa pagkakaupo sa tabi niya si Gab na natatawa lang.

“That’s what you call marking territory, man.”

Blake just snorted. Pagkatapos ay kinuha na nito ang mga pagkaing ipinabili niya. “Kumain ka muna. Huwag mong masyadong dibdibin iyang paperwork.”

“Well...” Bahagya niyang inilayo ang laptop. “I just organized a few things para hindi na ako mahirapan, pati iyong mga darating na volunteers.” Binuksan ni Alexandria ang wrapper ng sandwich. “Kain tayo.”

“Kumain na ako habang palabas kanina.” Blake grinned then opened the box of munchkins. He took a piece using a tissue and offered it to her.

Naiiling na minasdan lang ito ng dalaga. Wala na

siyang kawala sa lalaking mukhang wala namang balak na tigilan siya. Blake, despite his popularity, and his friends who didn't like her, was turning out to be a guy she could actually imagine being in her life for a long time.

Wala siyang nakikitang bahid ng pagpapanggap o posibilidad ng ulterior motive mula sa binata. Tila lagi itong masaya sa tuwing nakikita at nakakasama siya.

“Bakit ganyan ang tingin mo sa akin? Alam kong guwapo at sexy ako pero huwag mo naman akong tingnan nang ganyan, Lexi, at nako-conscious ako.” Parang demure na kolehiyala na pinilit pa nitong ipitin sa tainga ang maikling buhok.

“Guwapo? Sexy? Suntukan na lang tayo, Blake! Nagkakalokohan na tayo dito, eh. O kaya, uwian na lang!”

Nagkatawanan lang ang lahat sa sinabi niya. Lahat ay mukhang naaliw sa palitan nila ng hirit ni Blake.

It was a fun, engaging afternoon, at sa kabila ng ilang pag-aalinlangan nitong nakaraang mga araw, napagdesisyunan ni Alexandria na hayaan na lang ang sariling i-enjoy ang pagkakaibigan nila ni Blake. Kakalimutan na niya ang takot at pag-aalala. Minsan lang darating sa buhay niya ang isang gaya ng binata.



“Iyon ba si Blake? Iyong naka-striped green jacket?” Siniko ni David si Alexandria na abala sa pag-ubos ng caramel sundae.

Tiningnan ng dalaga ang sinasabi ng katabi. “Yup, that’s him,” sagot niya bago sumandal pa rito. Pasado alas siete ng gabi at dinaanan muna siya ni David mula sa klase nito sa *UP College of Medicine*. Naglambing kasi siyang ibili nito ng paborito niyang caramel sundae. Kaya ngayon ay nakatambay silang dalawa sa pavillion sa tapat ng college building niya.

“Uwi na ’ko, pards. Marami pa akong tatapusing work.” Tinapik siya nito sa balikat. “At masama ang tingin dito n’ung Blake mo, nagseselos yata.”

“Bakit siya magseselos?” Hinila niya ang strap ng backpack ni David nang akmang tatalikod na ito. “Nasaan ang kiss ko?”

“Mwah!” sabi nito, sa halip na halikan siya sa pisngi gaya ng nakagawian. “I wouldn’t want you in trouble with a jealous man, Lex.” Ngumisi ito bago hinila ang ponytail niya. “Kita-kits na lang sa Sabado!” At kumaway na ito bago mabilis na naglakad palayo.

Naiiling na sinundan niya ito ng tingin bago inubos ang sundae. Itatapon na sana niya ang basyong cup niyon nang lapitan siya ng isang freshman volunteer nila na si Marcia.

“Ate, tawag ka po nina Kuya Jairus. Dumating na daw po ang mga tally sheets,” sabi nito.

“Ah, ganoon ba? Sige, susunod na ako,” nakangiting sabi niya bago lumapit sa isang trash bin at inilagay roon ang pinagkainan, pagkatapos ay mabilis na tumawid sa kanilang building. The college council election was just ten days away at nagsimula na ang campaign period. Dumerecho siya sa meeting room kung saan naroon si Jairus at iba pang officers, na kinabibilangan ni Blake.

“Heto na pala si Lex, eh,” tila relieved na sabi ni Jairus nang makita siya.

“What’s up? May problema ba?”

“Wala naman. Eto lang si Blake, atat ayusin ’yang mga tally sheets sa mga ballot boxes,” nailing na sagot ni Jervy. “You have the keys?”

“Sure.” Binuksan ni Alexandria ang bag at inilabas ang leather case na may set ng susi ng mga ballot box. “Kompleto na ba tayo? We’ll start now?”

“Ikaw na lang ang hinihintay.” Tila asar si Blake na nakasandal sa isang file cabinet. “Alam nang may meeting, kung anu-ano pa ang ginagawa sa labas.”

“Excuse me? Alas ocho ang usapan. Wala pang seven forty. Hanggang six thirty ang klase ko at pagkatapos ay kumain pa ako.”

“Alam mong may darating tayong gamit anytime at ikaw ang isa sa dapat na nag-che-check. Kung gusto mong kumain, puwede mong sabihin at ibibili ka namin.” Masungit pa rin ito.

“I had a friend come over and buy me stuff. Issue ba iyon? At kahit ako ang mag-che-check ng mga gamit, siguro naman puwede iyang makahintay nang ilang minuto, hindi ba?” sagot niya habang inaalis ang clasp ng leather case na may susi.

“Guys, tama na iyan,” saway ni Jairus. Tinulungan siya nito sa ginagawa. Samantalang ang iba ay tumabi kay Blake.

“Kung di ka pa tawagin, hindi mo pa maaalalang may obligasyon ka dito,” dagdag pa ni Blake na mukhang iritado talaga.

“Alam ko ang obligasyon ko, hindi ko iyon kinakalimutan.” Tumayo siya at nilapitan ito. “Ano ba’ng problema mo? Eto ng susi ng mga ballot box? Eto na nga, di ba?” Iwinagayway niya sa harap ng mukha nito ang susi.

Matalim na tiningnan lang siya nito bago nilapitan ang mga ballot box at tahimik na inilagay isa-isa ang mga iyon sa mesa. Napabuntung-hininga na lang siya.

“Sino iyong kasama mo kanina, Lex? Guwapo, ah!” ani Sophie.

“Si David iyon, best friend ko. Nilambing ko lang na ibili ako ng apple pie at sundae, kaya dinaanan muna ako from *UP* bago umuwi,” sagot niya.

“Hindi mo talaga boyfriend iyon?” curious ding tanong ni Jairus.

“Hindi ko siya boyfriend. Baka magunaw ang mundo kapag naging kami.” Tumawa siya. “We’re really just the best of friends...” Sinulyapan niya si Blake na tahimik lang na naglilipat ng ballot box sa mesa pero padabog naman. “Dahan-dahan kaya, magsisira ka pa ng school property.”

“Shh... huwag mo nang pansinin,” saway ni Jervy. “Bro, ingat naman,” baling nito kay Blake.

“Ano’ng problema ng lalaking ’yan?” Naiinis si Alexandria sa inaakto ng kaibigan, pero nahihiwagaan din siya sa ikinikilos nito.

“Ganyan talaga iyan kapag threatened sa babaeng gusto niya,” naiiling na sabi ni Jairus.

“’Yon lang? Kung di ba naman may saltik... pati dito dadalhin niya ang problema sa babae niya,” naiiling ding sagot niya.

Napatingin ang lahat sa kanya, tila takang-taka ang mga ito.

“What?” tanong ni Alexandria.

Nagkatinginan lang ang mga ito bago pigil

ang ngiting tinapik siya sa balikat ni Jervy. “Wala, nakakatuwa lang kayo ni Blake. Don’t worry, mamaya lang, okay na ang isang iyon.”

“Dapat lang.” Muli siyang sumulyap sa lalaking parang may sumpong. Pinandilatan niya ito samantalang tiningnan lang siya nito nang mataman bago itinutok na ang tingin sa ginagawa.

